ANG SUFIYAH O TASAWWUF

(Ang Buod na pahayag tungkol sa katotohanan ng Sufiyyah)

Isinulat ni:

SALAMODIN D. KASIM

MGA PAKSA

1- Ang kahulugan ng Sufiyyah o Tasawwuf

2- Kailan nagsimula ang Tasawwuf

3- Mga antas ng Tasawwuf

4- Ang paniniwala ng Sufiyyah sa Allah

5- Ang paniniwala ng Sufiyyah kay Propeta Mohammad (ﷺ)

6- Ang paniniwala ng Sufiyyah sa mga Awliyah

7- Ang paniniwala ng Sufiyyah ukol sa Paraiso at Impiyerno

8- Ang batas Islamiko ng Sufiyyah

9- Ang pananaw ng Sufiyyah sa Halal at Haram

10- Paraan ng paggunita ng Sufiyyah

11- Ang paniniwala ng mga Sufiyyah sa mga patay

12- Ang paniniwala at pananaw ng Sufiyyah sa mga Karamah

13- Ano ang sinasabi ng mga Iskolar tungkol sa Sufiyyah

14- Wakas

Ang lahat ng papuri ay para lamang sa Allah, ako ay sumasaksi na walang Diyos sa dapat sambahin kundi si Allah lamang at ako rin ay sumasaksi na si Mohammad (ﷺ) ay kanyang lingkod at Huling Sugo.

Ang kahulugan ng "SUFIYYAH o TASAWWUF:

Hindi nagkaisa ang mga Iskolar at mananalaysay kung saan hango ang salitang "Sufiyyah" kaya sa mga aklat na tumatalakay nito ay maraming nababanggit na pinagmulan ang salita ito; ayon sa iba, ito ay mula sa salitang arabik na "Safwah" sa paniniwalang sila ay mga piling tao, at maaaring mula daw ito sa salitang "Suf" dahil sa pagsuot nila o ilan sa kanila noon ng lana o damit na gawa sa balahibo ng tupa, ayon naman sa ibang iskolar hango raw ito sa pangalan ng isang banal na tao na si Sufah bin Bashar, at iba pang salitang maaaring pinanggalingan nito, ganunpaman wala tayong katiyakan dito dahil sa iba't ibang pananaw ng mga mananalaysay hanggang sa umabot ito ng pitong opinyon.

- Ayon sa mga Sufi, Ito ay nangangahulugan ng pagpapakabanal, pagdalisay sa puso at pagtalikod sa mga makamundong bagay sa iba't ibang paraan kabilang ang pagpapahirap sa sarili upang maging malapit sa Allah at tinitiyak ng bawat Imam ng Sufi ang Paraiso sa bawat mag-aaral na Sufi, bagkus ang katotohanan, ito ay paraang pagmamalabis sa pagpapakabanal at pagpapahirap sa sarili at pagsamba sa Allah bagay na hindi pa nangyari sa panahon ng Propeta Mohammad (sumakanya ang kapayapaan) at kanyang mga Kasamahan (sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah).

KAILAN NAGSIMULA ANG TASAWWUF

- Nagsimulang pag-usapan ang tungkol sa "Tasawwuf" noong huling bahagi ng ikatlong siglo ng Hijri at ang unang nagtatag ng Monasteryo ng "Tasawwuf" ay mga kasamahan ni Abdulwahid bin Zaid na mula sa mga kasamahan ni Al-Hassan Al-Basry sa Basra, Iraq. nguni't sa panahong iyon ay tanyag lamang sila sa mga gawaing pagpapakabanal at labis na takot sa Diyos at walang kinalaman sa usaping paniniwala o "Aqeedah" kaya iba ito sa paraan ng makabagong "Tasawwuf" na ilan sa kanilang paniniwala ay may halong "Bid'ah at Shirk" o pagtatambal sa Allah.

- Kabilang sa halimbawa nito ay pagmamalabis ng ilan sa kanila kapag nakarinig ng nagbabasa ng Qur'an at siya'y natutumba at nawawalan ng malay at namamatay pa yaong iba gaya ng nangyari kay Zarar bin Ad at Abu Zuhair bagay na hindi sinang-ayunan ng ilang Sahaba at Tabi'een katulad ni Asma' bint Abi Bak'r, Abdullah bin Zubair at Mohammad bin Sireen [sumakanila lahat ang kaluguran ng Allah] sapagka't hindi nila ito nasaksihan sa Panahon ng Propeta at mga Sahabah kaya itinuring nila ito na makabagong paraan sa pananampalataya.

Ayon naman kay Abu Said Mohammad Al-Mihi As-Sufi na isang taga Iran; nagsimula ang pagkakaroon ng ganap na istraktura ang grupong ito noong 430 ng Hijri at ito ay lumaganap mula Iran tungo sa mga bansang Muslim sa Silangan pagdating ng ikaanim na siglo ng Hijri.

Sa taong 561 ng Hijri lumitaw ang grupo sa pamamaraang iniuugnay kay Abdulqadir Al-Jilani at si Ibn Arabi ay naging isa sa mga pinuno naman ng Sufiyyah taong 638 ng Hijri. At pagkatapos nito ay nagpapatuloy ang kanilang katuruan at paniniwala hanggang sa mga panahong ito.

MGA ANTAS NG TASAWWUF

Ang Tasawwuf ay binubuo ng iba't ibang antas at pamamaraan, kabilang na rito ang "Tasawwuf" na puno ng mga makabagong paraan ng pagdakila sa Allah (Bid'ah), mga ligaw na paniniwala na maaaring hindi naman nakakalabas sa hangganan ng Islam, nguni't ang nakakalungkot ay ang ilan nilang paniniwala ay naglalaman ng mga "Shirk" o pagtatambal sa Allah.

ANG PANINIWALA NG SUFIYYAH SA ALLAH

May iba't ibang paniniwala ang mga Sufi sa Allah kabilang dito ang tinatawag na "Hulul" na nangangahulugan –ayon sa kanila- ng pagiging Diyos at Panginoon ng taong sufi, batid niya ang lingid (Gayb) katulad ng Allah- Maluwalhati Siya- sapagka't ang layunin ng "Sufi" ay maabot niya ang antas ng Propeta hanggang sa tuluyan niyang maabot ang antas ng Pagkadiyos at pagkapanginoon. Katulad ng salaysay ni Al-Bastami; isa sa mga Imam ng Sufiyyah noong ikatlong siglo ng Hijri, sinabi niya: (Itinaas ako ng Allah minsan, at pinatayo ako sa Kanyang harapan at sinabi sa akin:" O Abu Yazid, Katotohanan nais ng aking mga nilikha na masilayan ka. At aking sinabi:" kung gayun, palamutian Mo po ako ng Iyong Kaisahan at damitan Mo ako ng Iyong pagkamakasarili at iangat Mo ako sa Iyong kaisahan…). sa pamamagitan ng ganitong paniniwala, ang kanilang paninindigan ay humantong sa " Wahdatul wujud" na ang ibig sabihin nito sa kanila ay " walang umiiral sa sanlibutan kundi ang Allah lamang at walang kaibahan ang lumikha at nilikha".

Mayroon sa kanila ang naniniwala na ang Allah ay siya rin si Mohammad- Maluwalhati Siya sa lahat ng kanilang kasinungalingan-.

ANG PANINIWALA NG SUFIYYAH KAY PROPETA MOHAMMAD (ﷺ)

May iba't ibang paniniwala rin ang mga Sufiyyah kay Propeta Mohammad (ﷺ); mayroon sa kanila ang naniniwalang hindi naaabot ng Propeta (ﷺ) ang kanilang antas at katayuan datapuwa't siya'y mangmang sa anumang kalagayan ng mga "Sufi" katulad ng sinabi ni Al-Bastami:(Nasisid namin ang karagatan nguni't ang mga Propeta ay nasa baybayin lamang). Ang iba naman sa kanila ay dinadakila ang Propeta (ﷺ) at iniaangat sa antas ng Panginoon sapagka't naniniwala ang ilang "Sufi" na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay Simboryo ng sanlibutan at siya ang Allah na pumaitaas sa Kanyang marangal na Trono- Kaluwalhatian sa kanya- at lahat ng kalangitan, kalupaan at lahat ng nilikha ay nilalang ng Allah mula sa kanyang liwanag at siya ang pinakaunang umiral sa sanlibutan; ito ang paniniwala ni Ibn Arabi at ang mga sumunod sa kanya.

ANG PANINIWALA NG MGA SUFIYYAH SA MGA AWLIYA

Ang "Wali" ayon sa paniniwala ng Sufiyyah ay:" ang taong laging pinangangalagaan at kinakalinga ng Allah ang lahat ng kanyang kalagayan at ang mga katangian ng taong ito na tinatawag na wali ay siya ring katangian ng Diyos; ispirituwal man o panlabas na aspeto at inaabot nito ang antas ng Allah sapagka't naniniwa ang mga Sufiyyah na may kapangyarihan at kakayahan ang mga "Awliyah" na magpaulan, gumamot ng may sakit, nakakabuhay ng

mga patay at pinangangalagaan ang sanlibutan mula sa pagkawasak at iba pang mapanganib na mga paniniwala nilang "Shirk" o pagtatambal sa Allah".

ANG PANINIWALA NG MGA SUFIYYAH UKOL SA PARAISO AT IMPIYERNO

Ang paghahangad ng Paraiso at pangamba sa Impiyerno ay hindi siya ang tunay na layunin ayon sa mga Sufiyyah at ang tunay na layunin ay mismong pagsamba lamang sa Allah ng walang kapalit, hindi ipinapahintulot sa mga Sufiyyah ang paghahangad ng Paraiso at pangamba sa Impiyerno samakatuwid ang mahalaga lamang ay pagsamba sa Allah at ang kanilang kaalaman sa mga lingid (Gayb). Kaya naging tanyag na ang salaysay ng kanilang ilang Imam:" Hindi naming sinasamba ang Allah dahil sa takot sa Kanyang Ipiyerno at hindi dahil sa paghahangad ng Kanyang Paraiso bagkus sinasamba namin Siya dahil sa pagmamahal namin sa Kanya". At ang ilan sa mga Sufiyyah ay ganito ang salaysay:" Sinuman ang sumamba sa Allah dahil sa takot sa Kanyang Apoy sa Impiyerno; ay ganito ang paraang pagsamba ng alipin, at sinuman ang sumamba sa Kanya sa hangaring makamit ang Kanyang Paraiso; ganito ang paraang pagsamba ng mga negosyante magkagayun ang tunay na pagsamba ay dahil lamang sa pagmamahal sa Kanya". Dapat mong malaman aking kapatid na ang ganitong paniniwala ay taliwas sa tamang paniniwala ng Ahlus Sunnah wal Jamaah at taliwas sa katuruan ng Qur'an at Sunnah. Sinabi ng Allah sa Qur'an: (*katotohanan, sila ay lagi nang maagap sa paggawa ng mga kabutihan, at sila ay lagi nang nagsusumamo sa Amin nang may pag-asa at takot at sila ay lagi nang nagpapakumbaba sa Amin*). [Al-Anbiya:90].

ANG BATAS ISLAMIKO NG MGA SUFIYYAH

Katotohanan ang Salah, Pag-aayuno, Zakat (Obligadong kawanggawa) at Hajj ayon sa paniniwala sa Sufiyyah ay pagsamba ng mga karaniwang mga tao lamang at tinatawag nila ang kanilang mga sarili na "Khaassah" o mga espesyal at natatanging mga nilalang kaya ang paraan ng kanilang pagsamba sa Diyos ay kakaiba. Kung ang pagsamba sa Islam ay para dalisayin ang sarili at lipunan, magkagayun sa mga Sufiyyah ang pagsamba ay para daw magkaroon ng derektang kaugnayan sa Allah upang magkaloob ang Allah sa kanila ng mga derektang rebelasyon kaya nababatid nila ang lingid (gayb) at nararapat sa isang "Sufi" na magkaroon ng katangiang katulad ng katangian ng Allah kaya may kakayahan silang sabihin sa anumang bagay ang "kun fayakun" (maging, kaya nangyari nga). Samakatuwid, ang batas ng Sufiyyah ay derektang natanggap ng "Wali" mula sa Allah kaya hindi ipinagbabawal sa kanila ang mga bawal na gamot, alak at paghahalo ng mga kababaihan at kalalakihan sa kanilang mga selebrasyon at mga paggunita sapagka't ito raw ay batas mula sa Allah.

ANG PANANAW NG MGA SUFIYYAH SA HALAL AT HARAM

Ang mga Imam at wali ng Sufiyyah ay umabot sa pinakamataas na kalagayan at antas kaya lahat ng bagay ay maaari na niyang gawin ito man ay masama o mabuti sapagka't walang tinatawag na "Haram" sa kanila bagkus lahat ay halal kaya hindi na nila kailangan pang magdarasal dahil sa naabot nilang mataas na antas, ganito ang kanilang paniniwala sa kanilang mga pinuno at "wali" na malinaw pa sa sikat ng araw na isa itong kaligawan at taliwas sa katuruan ng Islam.

PARAAN NG "DHIK'R" O PAGGUNITA NG SUFIYYAH

Ang mga Sufiyyah ay may sariling paraan ng paggunita sa Allah at pag-alala sa Kanya. Kung sa Islam ay pinakamainam na paggunita sa Allah ay pagbigkas, pagsabuhay at pagsapuso ng " LA-ILAHA ILLALLAH" samantala sa Sufiyyah naman ay pinakamainam sa kanila ang paulit-ulit na pagbigkas ng "ALLAH,ALLAH, ALLAH" at "HUWA,HUWA,HUWA", madalas natin ito masasaksihan sa kanilang mga pagtitipon at mga selebrasyon habang sila ay sumasayaw at malakas na niyuyugyog ang mga ulo na para bagang sinasapian ng Engkanto at daig pa ang taong wala sa sarili. Mayroon din silang mga iba't ibang tula na puno ng mga Shirk o pagtatambal sa Allah na kanilang binibigkas sa kanilang pagkanta at iba pang mga pamamaraan na napakalayo sa anumang napatunayan nating tumpak na paraan ng Propeta Mohammad (ﷺ) at kanyang mga Kasamahan (sumakanila ang kaluguran ng Allah).

ANG PANINIWALA NG SUFIYYAH SA MGA PATAY

Kapag namatay ang isang "Sufi" o wali at maging ang isang Propeta ay tiyak na babalik siya sa Mundo –ayon sa paniniwala ng Sufiyyah- at magagawa niya ito kung kailan niya nais, at siya ay babalik sa kanyang bahay at pamilya at sila'y kakausapin at dadalawin. Naniniwala rin sila na maaaring kausapin ang Propeta Mohammad (ﷺ) ng kahit sino pagkatapos niyang mamatay bagkus siya ay dadalo sa mga pagtitipon ng mga Sufiyyah.

At kabilang sa kanilang pagdakila sa mga patay ay ang kanilang pagpapaganda ng mga puntod at pagpapatayo nito ng gusali o bahay upang doon sila magtitipon-tipon para manalangin sa mga patay at hihiling sa kanila ng tulong at pakinabang.

ANG PANINIWALA NG SUFIYYAH SA MGA "KARAMAH"

Karamah: ay hindi karaniwang pangyayari o hindi karaniwang pagkakaroon ng isang kapangyarihan na ipagkakaloob ng Allah sa sinumang naisin Niya mula sa Kanyang mga alipin o sa ilang malapit na tao sa Kanya bilang tulong sa kanya o upang maging malinaw na katibayan laban sa kaaway para manaig ang mga mananampalataya at ito ay nangyayari sa mga tuwid na mga mananampalataya lamang katulad halimbawa kung siya ay nakakaranas ng matinding gutom at magkakaroon siya ng pagkain at inumin at hindi niya alam kung saan ito nagmula at iba pang halimbawa ng mga hindi karaniwang pangyayari nguni't ito ay hindi ipinagkakaloob ng Allah kundi sa mga taong matuwid at sumusunod lamang sa Qur'an at Sunnah

sa kabilang dako, ang mga Sufi ay naniniwalang may mga "Karamah" ang kanilang mga Imam at wali at maging ang mga karaniwang Sufi at dahil dito napakarami nilang mga kwentong kababalaghan tungkol sa mga kapangyarihan at hindi karaniwang pangyayari sa kanilang mga Imam nguni't katotohanan, ito ay pawang kasinungalingan lamang, ibinabalita nila ito sa mga kasapi upang makuha ang kanilang buong tiwala at para makahikayat pa ng ibang tao.

Isa sa halimbawa ng kanilang pagpapahalaga sa "Karamah" ang ay salaysay ni As-Siraj At-Tusi:" Sinuman ang tumalikod sa makamundong bagay sa loob ng apatnapung araw ng tunay at tapat mula sa kanyang puso; magkakaroon siya ng mga Karamah". Kanya itong binanggit sa kanyang aklat na "Allama' li ithbatil ayat wal karamat".

Sinabi ni Al-Qushayri sa kanyang aklat na " sinasadya ng mga Sufi ang mga Jinn (engkanto) upang sila'y tulungan para magkaroon ng karamah at mismong inamin ito ng isang Sufi na si Al-Juniad na nakikipagkaibigan sa mga jinn at tinutulungan siya sa kanyang mga paglalakbay at iba pang pangyayari". Isa sa mga hindi kapani-paniwala ay ang kuwento ng isa sa kanila na mayroon daw isang "Wali" na hindi kumain at hindi uminom sa loob ng apatnapung araw at ang isa naman ay natutulog lang sa loob ng labing apat na taon at mayroon pa daw isang wali na may dala-dalang tungkod magkagayun kapag sinasabi niya sa tungkod na ito:" ika'y maging tao" at ito ay nagiging tao, at iba pang mga kuwento ng mga karamah –ayon sa kanila- sa kanilang mga aklat bagkus halos puno ng mga kababalaghan ang kanilang mga salaysay sa mga aklat na isinusulat.

ANO ANG SINASABI NG MGA ISKOLAR TUNGKOL SA MGA SUFI

Sinabi ni Imam As-Shafi'e (kahabagan nawa ng Allah):" Kung naging Sufi ang isang lalaki sa umaga, hindi darating ang dhuh'r (tanghali) kundi isa na siyang sira-ulo".

Si Imam Ahmad bin Hanbal (kahabagan nawa ng Allah) ay nagbigay ng matinding babala laban sa mga pinuno ng mga Sufi sa kanyang panahon kaya pagkatapos niya malaman ang salaysay at paniniwala ni Al-Harith Al-Mahasibi ukol sa Sufiyyah; kanyang sinabi:" Hindi ito pinag-usapan ng mga Sahabah at mga Tabi'een". At si Imam Ibn Al-Jawzi ay binanggit niya sa kanyang aklat na " Talbis Iblis" kung paano niligaw ni Iblis (Satanas) ang mga Sufi na siyang nagsadlak sa kanila sa mga kadiliman.

WAKAS

Pagkatapos natin malaman at basahin ang katotohanan sa grupong ito at kanilang paniniwala at paraan, malinaw sa ating lahat ang kaligawan na kanilang tinatahak, Malaki ang ating obligasyon upang sila'y payuhan at ituwid upang manumbalik sa tuwid na landas ganunpaman, ang gabay ay nagmumula sa Allah, nawa'y maitampok ang pagbati ng Allah at kapayapaan sa ating mahal na Propeta (ﷺ) sampo ng kanyang mag-anak, kasamahan at lahat ng sumunod sa kanila hanggang sa Huling Araw.

Ang pagsasaliksik na ito ay mula sa mga sumusunod:

Luzantud Da'imah ng Saudi Arabia

Shiekh Mohammad bin Salih Al-Munajjid

Recorded Audio ni Shikeh Bin Baz ukol sa Karamah

Ibrahim Daud Ad- Daud

At iba pa.

Para sa karagdagang kaalaman ukol sa Sufiyyah, basahin ang mga sumusunod na Aklat:

1- Al-Mausuatul Muyassarah fil Adyan wal madhahib al-muasarah /(WAMY)

2- Taqdeesul Ash'khas fil Fikr As-Sufi/ Mohammad Luh Masteral Thesis/ Jamiah Islamia, Madinah

3- Al-Fikr As-Sufi fi dauil kitab Was Sunnah/ Abdurrahman Abdukhaliq

4- Tareekhut Tasawwuf Al-Islami/ Abdurrahman Badawi

At iba pa.